Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-14 NG PEBRERO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NOEL G. PINEDA | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 14-2019

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGGAGAWAD NG "SPECIAL USE PERMIT" KAY BB. EVELYN NAVARO CANDELARIA, PARA SA PAGTATAYO NG MAJESTY FUEL STATION SA BARANGAY DAKILA, NG LUNGSOD NA ITO.

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA,
KGG. BERNARDO B. OPL E JR., KGG. ALMA A. GATCHALIAN
KGG. ENRICO C. CAPULE AT KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA

SAPAGKAT, si Bb. Evelyn Candelaria ay naghain ng aplikasyon sa Sangguniang Panlungsod para sa Special Use Permit sa pagtatayo ng gasoline station nito sa Barangay Dakila, ng lokalidad na ito;

SAPAGKAT, ang "SPECIAL USE PERMIT" ay iniisyu ng Sangguniang Panlungsod batay sa itinatadhana ng City Ordinance No. 07-2013, mas kilala sa tawag na "ORDINANCE ON THE ISSUANCE OF SPECIAL USE PERMIT";

SAPAGKAT, ang nasabing permit ay pangunahing rekisitos sa pagtatayo ng gasolinahan sa ating lokalidad;

SAPAGKAT, ang panukalang gasolinahan ay ginawaran ng isang Kapasiyahan Bilang 01-2019 'Isang Kapasiyahang Barangay na buong pinagkakaisahan ng Sangguniang Barangay ng Dakila na bigyang kapahitulutan na makapagtayo ng Gasoline Station ang Majesty Fuel Station';

SAPAGKAT, ang panukalang gasolinahan ay magdaragdag ng hanapbuhay sa naturang barangay, kaakibat ang karagdagang kita sa kaban ng Pamahalaang Barangay at Pamahalaang Lungsod na magsusulong at magtataguyod ng Kagalingang Panlahat, batay sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng Local Government Code of 1991;

SAPAGKAT, ang Tanggapan ng Panlungsod na Pagpaplano at Pagpapaunlad ay nag-isyu ng sertipikasyon at ulat na walang sino man ang tumututol sa pagpapatayo ng panukalang gasolinahan;

DAHIL DITO, sa kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na:

1) Ginagawaran ang MAJESTY FUEL STATION ng 'SPECIAL USE PERMIT' sa pagtatayo ng gasolinahan sa Barangay Dakila, ng Lungsod na ito.

2) Tatlong (3) taon makalipas ang pag-isyu ng nasabing permiso, inaatasan ang aplikante na ipagbigay-alam ang patuloy na pagtalima sa kaakibat na kondisyon nito at ang kabiguang maisagawa ito ay ang pagwawalang-bisa ng nabanggit na permiso.

3) Magkakabisa ang nasabing permiso matapos pagtibayin ang Kapasiyahang ito.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NOEL G. PINEDA**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. ALMA A. GATCHALIAN**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. YOLANDA B. AZADA**
KASANGGUNI

**KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.**
KASANGGUNI

**KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**

**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
**Punong Lungsod**

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

*DhorieTrogo(SDC2)*021419